# Barya

**Mark Angeles**

SA IKATLONG LINGGO ng lockdown, isinalansan ko ang laman ng sling bag na gamit ko sa pamamalengke. Quarantine pass, lumang ID card ko sa UP, at mga pinagsuklian. Inilabas kong lahat para ispreyan ng alkohol. Saka ko lang napansin ang pasaning dala ng delimitasyon: isang tambak na't nag-uumapaw sa platitong lalagyan ang naiuwi kong mga barya.

• • •

Hindi nga raw lockdown. Nagsabong pa ang mga nakaupo sa gobyerno. Gabi ng Huwebes, Marso 12, 2020, humarap sa telebisyon si Pangulong Rodrigo Duterte, nakasuot ng maong na jacket a la Cardo Dalisay sa *Ang Probinsyano*, habang nakaupo sa likuran niya ang kanyang mga amuyong—sa pamumuno nina Armed Forces of the Philippines (AFP) Chief of Staff General Felimon Santos Jr., sa kanyang kaliwa, at Philippine Army Chief Lieutenant General Gilbert Gapay, sa kanyang kanan.

Nasa bahay ako sa East Bagong Barrio, Caloocan City at nakatutok sa TV nang gabing iyon. Pero hindi si Coco Martin ang pumasok sa utak ko habang pinapanood si Digong, kundi ang dating Pangulong Ferdinand Marcos, noong Pebrero 22–23, 1986, nang ilang ulit siyang humarap sa telebisyon, napapaligiran din ng mga pinuno

ng AFP at Philippine Constabulary, habang mabilis na bumabagsak ang kanyang diktadura sa pamamagitan ng People Power.

Batay sa resolusyon ng Inter-Agency Task Force (IATF) on Emerging Infectious Diseases, isinailalim sa community quarantine ang buong Metro Manila sa loob ng isang buwan—mula Marso 15 hanggang Abril 14.

Hindi ito lockdown "kasi takot kayong sabihing lockdown," patutsada ni Digong. "But it's a lockdown," dugtong niya. Kinabukasan, sinabi ni dating IATF spokesperson Karlo Nograles na "like a lockdown" ang nasa dulo ng dila ng pangulo. Isang medical term ang "community quarantine," kaya mas dapat itong gamitin. Hindi ito makapagdudulot ng takot sa mga tao.

Pero hindi dapat maging kampante ang mga tao. Noong Marso 12, umabot na sa 52 katao ang kumpirmadong may COVID-19 sa bansa. Sa mga ito, 16 ang nahawa dahil sa local transmission. Parang gusto pang ulitin ng rehimeng Duterte ang nangyari noong Yolanda noong Nobyembre 2013. Dahil hindi naintindihan ng mga tao ang *storm surge*, hindi nila pinansin ang babala. Kung sana ay sinabing magkakaroon ng tsunami, lumikas sana ang mga nakatira sa baybay.

Noong Disyembre 2017, dinala ako ng Department of Education sa Palo, Leyte para magturo sa National Training of Trainers on Campus Journalism. Sa isa sa aking pagsusuroy-suroy, naikuwento sa akin ng drayber ng traysikel na dahil sa Yolanda, maraming barangay ng Tacloban ang nabura sa mapa. Libo-libo ang hindi pa rin natatagpuan ang bangkay hanggang ngayon. Ang totoo nga niyan, ayon sa isa sa mga staff ng hotel na tinuluyan namin, maraming bangkay ang inanod sa baybay-dagat sa harap mismo ng pintuan ng kuwartong tinulugan namin.

• • •

Barya ang isa sa mga nagsalba sa kabuhayan ng Yolanda survivor na si Aling Alma, ginamit niyang pampuhunan para makapagtayong muli ng sari-sari store.

"Siguro mga limang libo, may natira akong mga barya na naiwan, di nadala sa alon [kasi] nakalagay sa timba," balik-tanaw niya.

Barya rin ang isa sa mga bumuhay sa aking pamilya kahit noong bago pa ako ipanganak. Nakatira noon sa kanto ng A. Del Mundo Street at 5th Avenue sa Grace Park, Caloocan ang nuclear family namin. May tindahan ang lola ko na nakilala sa pangalang Aling Annie. Bago pa kami mapalayas ng malayo naming kamag-anak sa lugar na iyon, may tindahan na rin ang aking tiyahin, si Tiya El, sa isang squatters' area sa kanto naman ng F. Roxas Street at 6th Avenue, ilang lakad mula sa una naming bahay.

Nang palayasin kami ng aming malayong kamag-anak, lumipat ang buong pamilya sa East Bagong Barrio, Caloocan, kung saan ako nakatira ngayon. Naiwan ako sa Grace Park, dahil kailangan kong tapusin ang elementarya sa La Consolacion College, o LaCo, sa 10th Avenue, sa parehong lungsod. Tumira kami ng lola ko sa tindahan ni Tiya El. Sa mga kapitbahay at kamag-anak namin sa squatters' area, pareho silang tinawag na Manang.

Bahagi ng aking kamusmusan ang mga barya. May kahon sa tindahan ni Tiya El para sa mga panukli. Nasa mesa iyon malapit sa screen ng tindahan, kung saan labas-pasok ang mga kamay ng mga bumibili. Sa tabi ng butas, naroon ang gaserang de-gaas, kasama ng mga istik na ginupit-gupit namin mula sa mga kahon ng sigarilyo, para gawing pansindi ng mga bumibili ng sigarilyo at katol. Mas matipid ito kaysa magpagamit ng posporo o lighter na kadalasan, kahit nakatali pa, ay tinatangay ng mga bumibili.

May partisyon ang mga kahon para maihiwalay ang magkakaibang barya. Sa murang edad, naisaulo ko na ang mga scientific name ng mga disenyo sa obverse ng mga barya: *Pandaka pygmaea* para sa tabios ng sampung sentimo, *Graphium idaeoides* para sa paruparo ng bente-singko sentimo, *Pithecophaga jefferyi* para sa Philippine eagle ng singkuwenta sentimo, *Anoa mindorensis* para sa tamaraw ng piso, at *Cocos nucifera* para sa puno ng niyog ng dos pesos.

Manghang-mangha ako sa dos, hindi lang dahil iyon lang ang decagon, kundi dahil naroon si Andres Bonifacio. Espesyal iyon dahil sa lahat ng mga bayani sa kahon, tanging siya ang detalyado ang postura. May panyo pa sa leeg.

Bago ako magtapos sa elementarya at umalis sa tindahan, naabutan ko pa ang limang pisong may mukha ni Emilio Aguinaldo mula sa berdeng papel papunta sa barya—ang pinakahuli sa Flora and Fauna Series. Pero hindi iyon kuminang sa mga mata ko. O, baka mas kumalansing sa utak ko ang utos ni Aguinaldo na ipaligpit sa kanyang mga kampon sa Cavite ang magkapatid na Andres at Procopio. May malay na ako sa sigalot sa loob ng Katipunan, lalo't makabayan ang isa sa mga naging guro ko sa Sibika at Kultura. Noong Grade 6 ako, siya ang nagsama sa akin sa isang grupo ng mga mag-aaral na umawit ng "Pag-ibig sa Tinubuang Lupa" sa entablado ng LaCo. Isinabak kami, sa palagay ko, sa Linggo ng Kasaysayan, na ipinagdiriwang mula Setyembre 15–21 taon-taon, batay sa Proklamasyon Bilang 1304 (s. 1974), hanggang sa ilipat ito sa buong buwan ng Agosto, kasabay ng Buwan ng Wika, sa bisa ng Proklamasyon Bilang 339 (s. 2012).

Hindi ko na nakabisado ang *Pterocarpus indicus* sa obverse ng limang pisong barya. Mas mukhang halaman kasi ang disenyo, kaysa puno. Gayundin ang mga scientific name sa obverse ng Lapulapu at Melchora Aquino, dahil halos hindi na maisukli sa mga panahong iyon ang mga isa at limang sentimo. Noong una, inakala ko pang pusit ang *Voluta imperialis* ng isang sentimo. Ang *Vanda sanderiana* naman sa limang sentimo, wala ring dating sa akin. Mas pinaglaanan ko ng pagpapahalaga

ang mga tanim na gumamela ng kapitbahay namin na dinidikdik namin sa tabo, at hinahaluan ng tubig at Tide, para gawing palobo. Gayundin ang santan, dahil hinihila namin ang nasa loob ng bulaklak para sipsipin ang nektar niyon. Sa mga halaman naman, mas nagilalas ako sa pagtiklop ng mga dahon ng makahiya na tumutubo sa hardin sa harap ng San Roque Church, na hindi pa katedral noon, sa tabi ng LaCo. Bukod sa mga isa at limang sentimo ng Flora and Fauna Series, may mga naliligaw ring Ang Bagong Lipunan Series sa mga ibinabayad sa tindahan ni Tiya El. Kaya kasama rin ang mga edisyon nito ng Lapulapu at Melchora Aquino, na parisukat at 8-pointed scallop ang hugis, sa mga itinatabi namin sa mga kahon ng katol.

• • •

Hindi na siguro alam ng mga post-millennial kung ano ang mamera. Pero piso ang pinakabida noon pa man. Kakaunti na rin siguro ang nakakaalam na ginamit ang salitang *piso* bilang idyoma sa "pogi." O tinawag na *sondo* ng mga miyembro ng Tau Gamma Phi ang piso.

Si Rizal ang kadalasang binabakat namin sa papel, gamit ang lapis. Hindi ko na matandaan kung nagpapayabangan kami ng mga kababata ko kung sino na ang nakalunok ng piso, gaya ng naikuwento ng kaututang-dila ko sa Facebook, ang Kabitenyong si Mark Glomer Gandol. Pero may alaala ako ng mga magic trick—ang kunwaring paglulon ng piso at pagluwa nito. Gayundin ang kunwaring pagpapalusot nito mula sa ibabaw papunta sa ilalim ng unan. Halos ganito rin ang teknik ng pagpapalusot nito sa panyo.

May mga tradisyon at pamahiin din tayo sa barya. Isa na rito ang paglalagay ng barya sa katawan ng patay.

Wala pa akong nababalitaan sa mga kamag-anak namin na naglagay ng mga barya sa magkabilang mata ng kanilang patay. Bayad daw ito ng mga kaluluwa sa bangkero na magtatawid sa kanila sa kabilang buhay. Na-debunk na ito, pati ang paniniwalang may mga marka ng barya sa mga mata ng hinihinalang si Hesukristo sa Shroud of Turin. Ang nasa mga kasulatang Griyego, inilalagay sa loob ng bibig ang barya, tinatawag na *obol*, bilang pamasahe—bayad o suhol ng mga kaluluwa kay Charon, ang tagasagwan ng bangka, para itawid sila sa Mundong Ilalim. Maaaring gawa ito sa ginto, pilak, o tanso (bronze o copper). May mga pseudo-coin din na ginamit bilang obol. Bukod sa bayad kay Charon, allowance din ito ng mga kaluluwa para makabili ng pagkain, gamit, at iba pa sa kabilang buhay.

Nakakalat sa ating kapuluan ang paniniwala ng pagtatawid sa mga patay. Inilalarawan ito ng imaheng nasa takip ng Tapayang Manunggul na natagpuan sa

isang libingan noong Panahon ng Bagong Bato, sa Kuweba ng Tabon, Lipuun Point, Palawan. Bukod sa disenyong alon-alon sa gilid ng tapayan, may dalawang pigura sa takip ng alawang taong nakasakay sa bangka. Sinasabing ang isa ay bangkero. Ang ikalawa naman ay ang kaluluwang tatawid as kabilang buhay.

May Charon din tayo sa ating panitikang-bayan. Si Magwayen ang bangkero sa paniniwala ng mga katutubong Ilonggo. Si Manduyapit naman sa mga Manobo. Si Magyan sa mga Binisaya. Walang bayad o suhol sa mga nasabing tagasagwan ng bangka.

Ang pamahiin natin ay pagpapahawak ng pera sa mga patay. Kinukuha ang mga ito bago ilibing. Pampasuwerte raw ito sa sugal o pagkakamit ng kahit anong pangarap sa buhay. Nasaksihan ko ang tradisyong ito noong 1995, sa libing ng lolo ko sa Sibul, San Miguel, Bulacan. Binuksan ang kabaong at kinuha ang mga "ipinatago" sa mga labi. Nakapalibot pa sa buong katawan niya ang ibang pera. Sinang-ayunan din ito ng kababayan kong si Adelma Salvador.

Pampasuwerte ang barya. Ilang beses na akong nakakapanood ng mga contestant ng *Tawag ng Tanghalan* sa *It's Showtime* na nagkukuwentong may barya sila sa sapatos. Paniniwala ng mga sumasali sa kahit saang pakontes ang paglalagay ng barya sa loob ng sapatos, hindi bilang talisman o pampasuwerte, pero dahil nag-a-absorb daw ito ng nervous tension. Naikuwento rin ito ng mga kaibigan kong sina Astrid Puguon-Yago, Jade Calingasan, at Arthur David.

Hinanap ko ang siyensiya sa likod ng pamahiin ng barya sa sapatos. Sa pag-aaral na pinangunahan ni Dr. Jacob Thyssen ng Copenhagen University Hospital Herlev-Gentofte-Department of Dermatology and Allergology, sanhi pa ng contact dermatitis ang nickel sa mga baryang mayroon nito. May mga cashier at iba pang propesyonal na nagkaka-hand eczema dahil sa mga nikeladong barya.

Samantala, ang Briton na si John Franks ay naniniwalang gumaling ang kanyang labinlimang-taong arthritis nang maglagay ng mga two pence sa kanyang mga talampakan. Ang two pence ay katumbas ng 2/100 ng isang pound sterling, ang opisyal na salapi ng United Kingdom (UK).

Ipinaliwanag naman ni Propesor Alan Silman, medical director ng Arthritis Research UK, na kapag nahaluan ng pawis ang copper, ilan sa copper salts ay nasisipsip ng balat ng tao. Gayunman, wala pang ebidensiyang nakakagaling ng arthritis ang copper salts.

Wala akong natagpuang kahit anong pag-aaral na nakawawala ng nervous tension ang paglalagay ng barya sa sapatos. Sa palagay ko, ginagawa ang pamahiing ito para mailayo ang atensiyon ng contestant sa sariling pagtatanghal, kaya nababawasan ang kanyang kaba at pagkabalisa.

May mga paniniwala namang masasabing may katwiran. Halimbawa, bukod sa paglalagay ng bigkis sa bagong silang na sanggol, dapat siyang tapalan ng piso

sa pusod kapag natanggal na ang kanyang umbilical cord stump. Ginagawa raw ito para hindi alsado ang pusod ng sanggol. Pero may mga paniniwala ring lagpas na sa sentido komun. Halimbawa, kailangang maghagis ng piso kapag makakita ka ng patay, para hindi ka malasin.

Hindi na rin uso sa post-millennials ang idyomang *bingkong*. Ang bingkong ay isang baryang nakabalikuko ang magkabilang gilid, kaya hindi na maaaring ibalik sa sirkulasyon. Ang bingkong, bilang idyoma, ay ginagamit na panukso sa mga matandang dalaga.

Pero, ginagamit pa ring panlibak ng kabataan ang salitang *piso*. Halimbawa, sinasabi nilang "Heto ang piso, maghanap ka ng kausap mo." kapag banas sila sa isang tao at ayaw nilang makita man lang ang pagmumukha. O kaya naman, tinutukso nila na maraming piso sa binti ang isang taong puro peklat ang binti.

Isa pang panlibang ng kabataan ngayon ang palaisipang ito: Ano ang mas mabigat: piso o barko?

• • •

Piso ang mas mabigat. Bakit? Dahil lumulubog ang piso. Ang barko, kahit gaano pa kabigat, lumulutang pa rin. Tawanan na ang kasunod dahil naisahan ang tinanong. Huwag nang ihirit pa na kaya naman lumulutang ang barko ay dahil sa buoyancy. Huwag na ring isingit ang paglubog ng *Titanic*.

Kung ako ang tatanungin nito, iba ang maiisip ko. Noong 2002, nang sumakay kami sa barko, mula Maynila patungong Davao, nag-stopover ang sasakyan namin sa Iloilo. Nang sumilip ako sa gilid ng barko, nakuha ang atensiyon ko ng mga kung anong pumupusag sa tubig. Mga tao pala—mga batang naghihintay na hagisan sila ng barya ng mga pasahero sa itaas ng barko. Nagpapakitang-gilas sila at sinasambot ang mga iyon habang nasa tubig-alat. Kung malubog naman sa tubig ang barya, sisisirin nila hanggang makuha. Ganoon din sa Baguio. Sa observation deck ng Mines View Park, hinahagisan ng barya ang mga batang Igorot sa ibaba. Ipinagbawal yata nang may batang mahulog sa bangin. Madalas kaming umakyat sa Baguio noong paslit pa ako, pero hindi ko maalalang naghahagis kami ng barya sa mga bata sa gilid ng bangin. Nabasa ko siguro ito sa isa sa mga nobela ni Lualhati Bautista noong hay-iskul ako.

Ano ang halaga ng piso ngayon? Dati, napapagkamalan pang barya ang token ng Light Rail Transit (LRT) sa Abenida. Ibinabayad pa sa tindahan. Sa katunayan, may mga token ng LRT at ng iba't ibang amusement center sa mga balutan ng mga lumang baryang naipon mula sa mga sari-sari store ng lola at tiyahin ko.

Ilang ulit ko ring binuksan ang mga balutang ito. Kumunot ang noo ko sa malalaking limang pisong barya ng Ang Bagong Lipunan Series. Sobrang laki at

sobrang bigat ng mga baryang ito. Isa pa, mukha ni Marcos ang nakalagay sa obverse at may "Setyembre 21, 1972." Mas maliwanag pa sa araw ang gustong mangyari ng dating diktador nang kasamang ilabas ito noong 1975—i-valorize ang diktador at ang pagdedeklara niya ng Batas Militar. Sa lahat ng mga barya sa kasaysayan ng bansa, siya lang ang tanging buhay na nagawaran ng imortalidad sa salapi ng bayan. O mas tamang sabihing iginawad niya sa sarili ang gayong karangalan—ihinelera niya ang sarili sa mga kinikilalang bayani at mga namayapa nang pangulo ng mga nakaraang administrasyon na nasa salapi. Gawa sa cupronickel o pinaghalong copper at nickel ang baryang ito. Mabigat man ay tanso pa rin. Sa palagay ko, dito dapat iugnay ang pinagmulan ng idyomang *natanso*. Natanso ang taumbayan ng binansagang "pinakadakilang pangulo sa kasaysayan ng bansa."

Namilog naman ang mga mata ko sa mga mas luma pang barya. Bukod sa Pilipino at English Series at Commonwealth Issues, may mga barya rin galing sa The Philippines under U.S. Sovereignty (1898–1935). Espesyal ang huli dahil may halong pilak. Puwede nga raw ibenta ang mga iyon dahil puwedeng ipatunaw sa Bulacan upang gawing singsing. Kumuha ako ng ilan sa mga iyon para idagdag sa aking koleksiyon. Pero, sa panahon ngayon, pati sampung pisong barya—iyong parang hiwa ng itlog na may pula sa gitna—tinutunaw na rin para gawing alahas.

• • •

Ano't sinumpong ako ng kaburyungan, noong Disyembre 29, 2018, muli kong hinalungkat ang mga lumang barya sa taguan.

Naengkanto nga yata ako. Nahipnotismo yata ako ng amoy ng oxidized bronze at copper. May ilang baryang para bang nagkalumot dahil sa copper oxide. Ewan kung bakit ang mga imaheng pumapasok sa isip ko ay mga bronze statue. Buo pa rin naman ang mga baryang naroon. At walang halos tubuan na ng corals, gaya ng mga napupulot ni Beverly Siy sa paglalakad sa Cultural Center of the Philippines, kung saan siya nagtatrabaho.

Hindi ko inaasahang mamangha sa ilang baryang galing sa seryeng The Philippines under U.S. Sovereignty (1898–1935). Noon ko lang nakita ang mga lima at bente sentimong sinadyang butasin sa bandang gilid—sa mismong tatak na 1923 at 1929.

Bakit may mga butas? Pumasok sa isip ko ang dalawang babaeng Panay-Bukidnon na nakilala ko sa Epikong-Bayan conference noong 2018. Kumakalansing ang mga adorno nila sa katawan kapag kumikilos sila. Parang lagaslas ng tubig sa batis. Nang tingnan ko nang maigi, mga barya pala ang mga iyon na binutas nila at itinahi sa kanilang damit.

Posible ring mga talisman ang mga baryang natagpuan ko. Kuwento ni Ser Reuel Aguila, inabot pa niya ang kaugaliang pagbutas sa barya para gawing medalyon.

Banggit naman ni Darren Bendanillo, ginagawa pa ring anting-anting ang lumang barya sa lugar nila sa Mindanao.

Isa pang nakatawag ng pansin ko ang dilaw na bente-singko sentimo na burado ang mukha. Alam kong ikinakaskas sa semento ang mga iyon ng mga naglalaro ng cara y cruz. Sa squatters' area, kahit paglipat ko rito sa Bagong Barrio, marami akong nakikitang naglalaro nito. Minsan pa nga, pumupusta sila sa mga barya, pero nagpapalitan na pala sila ng item o droga.

Marami pa rin daw ganoong barya sa sabungan, kuwento sa akin ni Gandhi Cardenas. Isang mukha lang ng barya ang kinakaskas ng mga sugarol, lalo na 'yung tao o cara.

Kakaiba naman ang ginawa sa cara ng natagpuan kong pisong may tatak na 1985. Inukitan iyon ng mga linya—tig-isang sentimetro—paikot sa mukha ni Rizal. Pamato raw iyon, kuwento naman ni Jan Henry Choa Jr. Ganoon daw ang ginagawa ng mga sugarol sa kanila sa Makati. Ang balik ko tuloy sa kanya, baka dinuduraan pa ng dating may-ari ang barya. Para pektus.

• • •

Ang totoo, isa lang ang unang pumapasok sa isip ko kapag pinag-uusapan ang barya: ang nobelang *My Name Is Red* ni Orhan Pamuk.

Nabutas ang bulsa ko nang bilhin ko ang kopya ng nobela sa kilalang bookstore. Sa kalagitnaan ng pagbabasa, natuklasan kong may mga pahinang nawawala sa kopya ko. May isang buong kabanata pa.

Pero bilib na bilib ako sa nobela ni Pamuk, lalo na't iba-iba ang mga tagapagsalaysay sa bawat kabanata—tila nagbibigay ng sinumpaang salaysay. Kasama rito ang isang babae, ang tiyuhin, isang kabayo, at isang puno. Maging ang kulay pula at ang bangkay ng pinaslang na si Elegant Effendi ay nagsalita.

Sa ika-labingsiyam na kabanata, nagsalita ang isang gintong barya. Aniya, isa siyang 22-carat na gold coin, isang bagay na binawi rin niya nang aminin niyang isa siyang pekeng ginto na ginawa sa Venice. May 560 ulit na siyang nagpalipat-lipat sa mga kamay ng kung sino-sino at napunta sa kung saan-saang lugar sa Istanbul. Napadpad na siya sa mga palengke at kainan. Sumayad na siya sa mga labi ng isang dalaga at nakapasok na sa tumbong ng isang magnanakaw.

Isa sa mga nobelang hindi dapat palampasin ang akdang iyon ni Pamuk, para sa akin. Kaya isinama ko iyon sa mga ibinigay kong libro sa namayapang si Alexander Martin Remollino, para dalhin kay Axel Pinpin na nakakulong pa noon sa Camp Vicente Lim sa Calamba, Laguna.

• • •

Inilapag ko ang lahat ng barya sa pasimanong may isang dangkal ang lapad. Umabot sa isang dipa ang mga baryang naiuwi ko. Pinaghiwa-hiwalay ko sila nang may physical distancing na isang sentimetro sa isa't isa. Inispreyan ko ng alkohol lahat, sakaling may baryang napadpad sa kamay ng kung sinong may COVID-19. Nang matapos, itinihaya ko sila at inispreyang muli.

Halo ang mga luma at bagong barya. Ilan sa mga iyon ay mga bagong limang pisong Andres Bonifacio na inasam ko pa nang ilabas ng New Generation Currency Coin series. May sampung pisong baryang pinagsama sina Bonifacio at Apolinario Mabini. Sabihin na nating ginaya ang sampung pisong papel na inilabas sa New Design/BSP Series noong 1997. Pero nakakatawa talaga itong inilabas sa BSP Coin Series (1995–2017) noong 2001. Alam kaya ng Bangko Sentral ng Pilipinas kung gaano ka-nega ang tingin nina Gregoria de Jesus at Emilio Jacinto kay Mabini? Si Jacinto ang dapat ibalik sa pera. Puwedeng kagaya nu'ng tandem sila ni Bonifacio sa bente pesos na papel na inilabas sa English Series noong 1971. Puwedeng siya ring mag-isa. Matagal na ring dapat na nasa pera si Ka Oryang. Ipasok sila at tanggalin ang pagmumukha ng mga traydor sa bayan at alipin ng neoliberalismo.

Isang garapon na ang koleksiyon ko ng mga bagong Bonifacio na inilabas sa New Generation Currency Coin series noong 2017. May nonagonal na disenyo nito na inilabas matapos ang dalawang taon, pero wala pa akong nakikita maski isa. Inabot na rin ng lockdown ang bagong bente pesos na barya na lumabas bago mag-Pasko noong 2019.

Pinag-usapan ang bagong bente pesos na barya sa social media. Signos daw ng pabulusok na ekonomiya na gawing barya ang perang papel. Ang sabi ko, pinapabigat nito ang ating bulsa, para maramdaman nating may laman pa. Sa isang banda, dinadagdagan nito ang mga pasakit ng taumbayan, lalo na't ibinagsak ang 3rd tranche ng TRAIN Law, ni-veto ni Digong ang anti-endo bill, at patuloy ang land conversion, labor export policy, at iba pa. Pati nga ang piso, limang piso, at sampung piso ng New Generation Currency Coin series ay pinoproblema natin dahil halos magkakamukha. Sa halip na ang maibayad mo ay limang piso, sampu ang naibibigay mo. Sa halip na piso lang ang isukli ng tsuper ay limang piso ang naibibigay sa pasahero.

• • •

Ilan kaya sa mga baryang binenditahan ko ng 70% isopropyl alcohol ang gaya ng pekeng ginto sa nobela ni Pamuk?

Ilan kaya sa mga baryang iyon ang nailimos sa mga yagit na binansagang mga batang hamog at kalabit penge, dahil laging nangangalabit at nakikiusap, "'Te, pengeng barya?" Ilan kaya ang ibinili nila ng kape at iba pang panlamang-tiyan?

Ilan kaya ang dumaan na sa sinehan, ospital, at pabrika, bago mapadpad sa palengke namin? O sa Kemp Mart, na nilalakad ko ng dalawang kilometro mula noong magka-lockdown, at marami sa mga mamimili ay sanlaksang baryang de-supot ang ibinabayad? Ipina-test ng GMA News sa UP Institute of Biology ang isang bente pesos na papel na nakuha nila sa isang palengke. Natuklasan nilang meron itong *Staphylococcus aureus* na sanhi ng pigsa, food poisoning, septicemia; *Pseudomonas aeruginosa* na sanhi ng sepsis, meningitis, at pneumonia; at, *E. coli* o *Escherichia coli* na sanhi rin ng food poisoning, seizures, at acute kidney failure.

Ayon sa World Health Organization, wala pang ebidensiya na naipapasa ang COVID-19 sa paghawak ng barya. Pero ang respiratory droplets galing sa isang taong infected ay maaaring maiwan sa mga bagay. Fomites o inanimate objects ang tawag doon sa pelikulang *Contagion*. Huwag sanang mapadpad ang ganoon sa talipapa namin.

Ang tiyak, nagpapatuloy ang katiwalian kahit lockdown. Ang #COVID19 ay binansagan nang #Kupit19, ang mga kapitan ay binansagang kupitan. Hindi na bago ang kritisismong ito. Ang naaalala ko ay si Marcelo H. del Pilar na naglabas ng literary appropriation na *Ang Dasalan at Tocsohan* noong 1888. Kasama sa polyetong ito ang "Ang Aba Guinoong Baria" at "Ang Aba Po Santa Baria."

Aba, hindi napupulot ang pera. At kung may mapulot ka man, madalas barya. Kahit bente-singko ngayon, halos wala nang halaga, hindi gaya noong kinakanta pa ni Dingdong Avanzado na sa "tatlong bente-singko" parang nasa langit na siya.

Patuloy na iikot ang buhay sa piso. Binibilang ang bawat barya mula palengke hanggang sa ospital, sa takot na tanggihan at mamatay. Dahil barya lang ang buhay, at, sabi nga sa rap song ng Ilustrado, masyadong madali[ng] pumaslang, kumitil, sumira ng bukas. Binaril si Jose Joshua Cepe, 21, noong Marso 31, 2020, habang nagsusulat ng isasali niya sa rap battle. Binaril si Corporal Winston Ragos, 34, noong Abril 21, 2020, nang mapikon sa kanya si Master Sergeant Daniel Florendo Jr. Napatay na ay nag-iwan pa sila ng utang sa ospital ang dalawa. Sabi nga ni Elegant sa *My Name Is Red*, "Alam mo pa rin ang halaga ng pera, kahit patay ka na."

Ngunit, sabi nga ni Teo T. Antonio sa kanyang tula, "Hindi kasinggaan ng pisong/ lumulutang sa hangin ang halaga ng buhay." Ang mga baryang inuuwi ko ay kasimbigat ng mga kuwento ng buhay ng mga karaniwang taong hindi matatawaran ang pagpupunyagi at pagpiglas.

## MGA SANGGUNIAN

Angeles, Mark. 2018. "Isang Misteryo." Facebook, Disyembre 29, 2018. https://www.facebook.com/makoydakuykoy/posts/10218066457752093.

______. 2018. "Sa pambansang komperensya sa epiko, namangha." Facebook, Disyembre 29, 2018. https://www.facebook.com/makoydakuykoy/posts/10218066403710742.

______. 2018. "Uso pa ba ito ngayon?" Facebook, Disyembre 29, 2018. https://www.facebook.com/makoydakuykoy/posts/10218066428271356.

______. 2020. "Naglagay ng piso sa sapatos pampasuwerte. Pero wala . . ." Facebook, Pebrero 19, 2020. https://www.facebook.com/makoydakuykoy/posts/10221513832254301.

GMA News. 2020. "24 Oras: Tatlong uri ng mikrobyo, natuklasan sa mga perang barya at papel sa isang pagsusuri." *GMA News*, Pebrero 27, 2020. YouTube video, 3:24. https://www.youtube.com/watch?v=m5WIcFx_LzA.

Hernandez, Rezl Angeli B. 2017. "Back to Business: Rising from the ruins of Typhoon Yolanda." *Hapinoy*, Hulyo 19, 2017. https://www.hapinoy.com/new-blog/2018/3/16/back-to-business-rising-from-the-ruins-of-typhoon-yolanda.

The Aswang Project. 2017. "How to Travel the Underworld of Philippine Mythology." *The Aswang Project*, Apri 14, 2018. https://www.aswangproject.com/how-to-travel-the-underworld-of-philippine-mythology/.

______. 2017. "Psychopomps (Death Guides) of the Philippines." *The Aswang Project*, Marso 9, 2017, https://www.aswangproject.com/psychopomps-death-guides-philippines/.

Rao, Nathan. "I cured my arthritis by putting two pence coins inside my shoes." *Express*, Agosto 18, 2012. https://www.express.co.uk/news/uk/340518/I-cured-my-arthritis-by-putting-two-pence-coins-inside-my-shoes.

Talabong, Rambo. 2020. "Metro Manila to be placed on lockdown due to coronavirus outbreak." *Rappler*, Marso 12, 2020. https://www.rappler.com/nation/254101-metro-manila-placed-on-lockdown-coronavirus-outbreak.

Thyssen, Jacob, et al. 2012. "Coin exposure may cause allergic nickel dermatitis: A review." *PubMed* 68, no.1 (July).

World Health Organization. 2020. "Coronavirus disease (COVID-19 Situation Report 3 Philippines 12 March 2020." *World Health Organization*, Marso 12, 2020. https://www.who.int/docs/default-source/wpro---documents/countries/philippines/emergencies/covid-19/who-phl-sitrep-3-covid-19-12mar2020.pdf?sfvrsn=509b48e7_2.